

MGA KARAPATAN SA PAGBOTO

Mga Taong Dati Nang Nahatulan ng Felony

Nabilanggo ka na ba? Posibleng kwalipikado kang bumoto.

POSIBLENG KWALIPIKADO KANG BUMOTO KUNG IKAW AY:

- **Nasa isang lokal na pasilidad para sa detention:**
 - Nakabilanggo para sa sentensya sa misdemeanor
 - Nakabilanggo para sa sentensya sa felony
 - Dahil kundisyon ng probation ang pagkabilanggo (misdemeanor o felony)
 - Naghihintay ng paglilitis
- **Naka-probation**
- **Naka-parole**
- **Mandatoryong sinusubaybayan**
- **Sinusubaybayan sa komunidad pagkatapos i-release**
- **Sinusubaybayan ng pederal habang naka-release**
- **Taong may juvenile wardship adjudication**

ANG IYONG MGA KARAPATAN SA PAGBOTO

- Kung ikaw ay nakabilanggo at kwalipikadong bumoto, may karapatan kang makatanggap ng card ng pagpaparehistro bilang botante.
- Kung ikaw ay nakabilanggo para sa sentensya sa estado o pederal para sa hatol na felony sa isang bilanguan ng estado, bilanguan ng pederal, o lokal na pasilidad para sa detention, ibalik ang karapatan mong bumoto kapag natapos mo na ang iyong sentensya.
 - Magpapadala ang iyong county ng abiso na nagkukumpirmang puwede kang magpaparehistro o magpaparehistro ulit para bumoto.

MGA KINAKAILANGAN SA PAGIGING KWALIPIKADO

Puwede kang magpaparehistro para bumoto at bumoto kung ikaw ay:

- Isang mamamayan ng Estados Unidos at isang residente ng California,
- May edad na 18 taon pataas sa Araw ng Halalan,
- Hindi nakabilanggo para sa sentensya sa estado o pederal para sa hatol na felony, at
- Hindi natukoy ng isang hukuman bilang may kakulangan sa pag-iisip.

I-scan ang QR Code
para magpaparehistro
para bumoto



PAANO MAGPAREHISTRO PARA BUMOTO

- Puwede kang humiling ng papel na card ng pagpaparehistro ng botante sa Kalihim ng Estado o sa tanggapan ng halalan ng iyong county.
- Available ang mga card ng pagpaparehistro ng botante at ang mga materyales sa pagboto sa English, Chinese, Hindi, Japanese, Khmer, Korean, Spanish, Tagalog, Thai, at Vietnamese.
- Puwede kang magpaparehistro online sa registertovote.sos.ca.gov o sa pamamagitan ng pag-scan sa QR Code sa itaas.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagpapanumbalik ng iyong mga karapatan, bumisita sa: votingrightsrestored.sos.ca.gov

MGA TAONG APEKTADO NG PAGKAKABILANGGO/HINDI MAKABOTO SA NGAYON

Nakabilanggo para sa sentensya sa estado o pederal para sa hatol na felony at nakabilanggo sa:

- Bilangguan ng estado
- Bilangguan ng pederal
- Lokal na pasilidad para sa detention*

**Pinapayagan ng Kodigo Penal ng California seksyon 2910 ang Departamento ng Koreksiyonal at Rehabilitasyon ng California (California Department of Corrections and Rehabilitation, CDCR) na gumawa ng mga kasunduan sa mga lokal na pamahalaan para mailagay ang mga bilanggo sa mga lokal na pasilidad para sa detention. Hindi pinapayagang magparehistro at bumoto ang isang taong nakabilanggo para sa sentensya sa estado na nasa isang lokal na pasilidad para sa detention sa ilalim ng sitwasyong ito. Hindi pinapayagang magparehistro at bumoto ang isang taong nasa lokal na pasilidad para sa detention na naghihintay na mailipat sa isang bilangguan ng estado o pederal kasunod ng isang hatol sa felony.*

MGA TANONG AT RESOURCE

Kung hindi ka sigurado sa sentensyang ginagawa mo, tanungin ang staff sa iyong koreksiyonal na pasilidad.

Para sa mga karagdagang resource, makipag-ugnayan sa lokal na tanggapan ng halalan ng iyong county o makipag-ugnayan sa Kalihim ng Estado ng California.

Para makakita ng karagdagang resource tungkol sa pagboto sa website ng Kalihim ng Estado, bumisita sa: sos.ca.gov.

Para sa impormasyon tungkol sa halalan sa county, bumisita sa: sos.ca.gov/elections/voting-resources/county-elections-offices.

I-scan ang QR Code para sa mga lokal na tanggapan sa county



NI-RELEASE MULA SA KUSTODIYA

- Kung mare-release ka mula sa kustodiya bago mo matanggap ang iyong balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo, puwede ka pa ring bumoto. Pumunta lang sa isang lokasyon ng pagboto sa county kung saan ka nakarehistrong bumoto; puwedeng hilingin sa iyong gumamit ng pansamantalang balota. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga pansamantalang balota, pumunta sa webpage ng Kalihim ng Estado tungkol sa pansamantalang pagboto: sos.ca.gov/elections/voting-resources/provisional-voting.
- Kung magpapalit ka ng pangalan, address ng tirahan, padadalhang address, o kinakatigang partido, dapat kang kumumpleto ng bagong aplikasyon sa pagpaparehistro ng botante. Gayunpaman, sa loob ng 14 na araw bago ang isang halalan, sa halip na magparehistro ulit, puwede kang magsumite ng nakasulat na kahilingan sa opisyal ng halalan ng iyong county para baguhin ang iyong address o kinakatigang partido.

KALIHIM NG ESTADO NG CALIFORNIA HOTLINE NG BOTANTE

Ingles	(800) 345-VOTE (8683)
Español / Spanish	(800) 232-VOTA (8682)
Chinese / 中文	(800) 339-2857
Hindi / हिन्दी	(888) 345-2692
Japanese / 日本語	(800) 339-2865
Khmer / ខ្មែរ	(888) 345-4917
Korean / 한국어	(866) 575-1558
Tagalog	(800) 339-2957
Thai / ภาษาไทย	(855) 345-3933
Vietnamese / Việt ngữ	(800) 339-8163
TTY/TDD	711